

USWAG DAREPDEP, TATANGGAP NG MGA LAHOK HANGGANG 1 ABRIL

Hanggang 1 Abril 2015 na ang huling araw ng pagpapasa para sa *Timpalak Uswag Darepdep* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Bukas ang timpalak para sa lahat ng kabataan nása edad 12–17 na nagsusulat sa iba't ibang wika ng Filipinas.

Para sa unang taon (2014-2015), nahahati ang timpalak sa mga kategoryang maikling kuwento at tula sa mga sumusunod na katutubong wika: Ilokano, Bikol, Sebwano, at Meranaw. Hindi bababa sa sampung pahina ang akdang ipapasa para sa kategoryang maikling kuwento. Sa kategoryang tula naman, ang koleksiyon ay kailangang magtaglay ng hindi kukulangin sa sampung (10) tula at hindi hihigit sa labinlimang (15) tula. Ang bawat kalahok ay maaaring magsumite ng isang entri para sa bawat kategorya.

Ang *Timpalak Uswag Darepdep* ay isang paraan ng KWF para payabungin ang mga katutubong wika sa bansa at lalo pang pagyamanin ang wikang Filipino.

Ang mga magwawagi sa bawat rehiyon ay tatanggap ng medalya mula sa KWF at ng sumusunod na mga gantimpalang salapi: Sampung Libong Piso (Php 10,000), Unang Gantimpala; Limang Libong Piso (Php 5,000), Ikalawang Gantimpala; at Tatlong Libong Piso (Php 3,000), Ikatlong Gantimpala.

Para sa iba pang impormasyon hinggil sa timpalak, bisitahin Facebook page ng KWF o ang www.kwf.gov.ph.